# ALAM MO BA KUNG ANO ANG IYONG MGA KARAPATAN BILANG UMUUPA?

**Kung umuupa ka sa Vancouver, mayroon kang mga karapatan na mula sa Lalawigan at sa Lungsod. Kung nakatira ka sa lugar ng Broadway Plan, mayroon ka na ngayong mga karagdagang karapatan sa kamakailang inaprubahang Broadway Plan.**

## ANO ANG BROADWAY PLAN?

Noong Hunyo 2022, inaprubahan ng City Council ang Broadway Plan vancouver.ca/broadway-plan, isang plano sa paggamit ng lupa at paggawa ng patakaran na gagabay sa paglago at pagbabago para sa lugar sa paligid ng Broadway Subway para sa susunod na 30 taon. Pinakikilala ng Plan ang mga bagong proteksiyon sa umuupa para sa mga umuupang nakatira sa lugar ng plano na nagtatayo sa mga kasalukuyang proteksiyon para sa buong lungsod.

## PROVINCIAL NA MGA PROTEKSIYON SA UMUUPA

Ang mga umuupa sa Vancouver ay sinasaklawan ng Residential Tenancy Act sa Lalawigan ng British Columbia. Itinatakda ng batas na ito ang mga karapatan at responsibilidad ng kapwa mga umuupa at mga kasera.

Nireregula nito ang mga bagay na tulad ng:

- Magkano maitatas ng kasera ang upa mo bawat taon
- Paano mo o ng kasera mo matatapos ang kasunduan sa pag-upang paninirahan
- Magkano makakasingil ang kasera para sa pangseguridad na deposito
- Ano dapat ang isama sa kasunduan sa pangungupahan
- Alamin ang higit pa sa: **gov.bc.ca/landlordtenant**

## PLANO SA LUGAR NG BROADWAY




## ANO ANG MGA BAGONG PROTEKSIYON PARA SA MGA UMUUPA SA LUGAR NG BROADWAY PLAN?

Kung umuupa kang nakatira sa lugar ng Broadway Plan at ang tahanan mo ay pinapalitan ng bagong pinauupahang gusali o sumasailalim sa malaking renobasyon na inaatasan kang umalis, maaaring nararapat ka para sa ilan o lahat ng mga sumusunod na proteksiyon:

1. Opsiyong bumalik sa bagong paupahang gusali sa parehong upa na kasalukuyan mong binabayaran o 20% discount sa average na upa sa buong lungsod, alinman ang mas mababa
2. Opsiyon sa perang top-up sa upa para maiwasang magbayad ng mas marami sa upa habang naghihintay kang bumalik sa bagong gusali
3. Pinansiyal na bayad ng nasa pagitan sa apat hanggang 24 na buwang upa batay sa kung gaano katagal ka tumira sa inuupahan mong tahanan
4. Bayad sa mga gastos mo sa paglipat na may flat rate ng $750 para sa studio o isang bedroom na apartment, at $1,000 para sa dalawa o mas marami pang mga bedroom na apartment
5. Tulong na makahanap ng bagong uupahang tahanan na nakatutugon sa mga pangangailangan mo
6. Karagdagang pinansiyal na bayad at tulong kung mababa ang kita mo o humaharap sa mga ibang hadlang sa pabahay

## BAKIT MAHALAGA ANG IMPORMASYONG ITO?

Ang pagkakaalam sa mga karapatan mo ay makakatulong sa iyong makapagdesisyon nang tama para sa partikular mong kalagayan at makahanap ng suporta kung ang gusali mo ay binebenta, nire-renovate o pinapalitan nang bagong gusali.

Para sa mga tanong tungkol sa Patakaran ng Lungsod sa Tenant Relocation, kabilang ang tanong sa pagigingnararapat at mga kabayaran, kontakin ang:

**Linya ng pagtatanong tungkol sa Tenant Relocation and Protection Policy: 604-673-8001**
**HousingPolicy@vancouver.ca** | **vancouver.ca/protecting-tenants**

CITY OF VANCOUVER